



Pag-alis sa Australia sa pamamagitan ng eroplano

Sundin ang mga hakbang sa ibaba kapag naghahanda kang umalis sa Australia sa pamamagitan ng eroplano.

Hakbang 1 - Planuhin ang iyong biyahe

Magplano nang patiuna

Inirerekomenda ng Pamahalaan ng Australia sa mga pasaherong paalis sa Australia na ganap na magpabakuna laban sa COVID-19 at magbiyahe nang may katibayan ng dokumentasyon sa katayuan ng pagbabakuna.

Dapat mong isaalang-alang kung ano ang gagawin mo kung magkaroon ng mga pagkaantala at pagkaabala sa iyong biyahe.

Suriin ang kasalukuyang tagubilin sa pagbiyahe, visa, at COVID-19 para sa lahat ng bansa kung saan ka nagta-transit at bumibiyahe. Ang bawat bansa ay may iba't ibang mga kinakailangan para sa pagpasok, kabilang ang mga kinakailangan sa pagbabakuna sa COVID-19 at pagsusuri.

Puwedeng may mga partikular na kinakailangan ang mga airline na dapat mong matugunan.

Kung naaangkop, alamin kung ano ang kailangan mong gawin para [muling makapasok sa Australia](#).

Hakbang 2 - Alamin ang iyong mga opsyon sa pagbibiyahe

Available ang mga komersyal na flight mula sa mga pangunahing paliparan sa buong Australia.

Hakbang 3 - I-book ang iyong biyahe

Hakbang 4 - Maghanda sa pagbiyahe

Kapag nag-check in ka para sa iyong flight, hihilingin sa iyo ng mga kawani ng airline na ipakita ang iyong:

- pasaporte
- boarding pass

Puwede ring hilingin sa iyo na magbigay ng katibayan na natutugunan mo ang kahulugan ng Australia ng ganap nang nabakunahan para sa mga layunin ng pagbibiyaha sa ibang bansa.

Hakbang 5 - Habang nasa ibang bansa ka

Panatilihing naka-update

Kung gusto mong muling pumasok sa Australia, dapat mong regular na alamin ang mga kinakailangan para sa [pagpasok sa Australia](#). Maaaring magbago ang mga ito habang nagbibiyaha ka.